

# CATHOLIC KYOTO DIOCESE

**Catholic Chancery Office**  
Kawaramachi Sanjo Agaru  
Nakagyo-ku, KYOTO,  
604-8006 JAPAN  
TEL: -81-75-211-3025  
FAX: -81-75-211-3041  
Kyo.Prot.N.30/2020

カトリック京都司教区  
〒604-8006  
京都市中京区河原町三条上ル  
TEL:(075)211-3025  
FAX:(075)211-3041  
[e-mail:curia@kyoto.catholic.jp](mailto:curia@kyoto.catholic.jp)

Sa mga Mananampalataya sa Diyosis ng Kyoto

## Corona Virus (COVID-19): Panuntunan ng Pagkakansela ng mga Misa at iba pa (Part2)

Ang panuntunan na ito ay magsisimula sa ika 21 Marso (Sabado) bilang pag tugon sa sakit na coronavirus o mas kilala bilang COVID-19. Sa kasalukuyan lumaganap na ang tinamaan at naapektuhan ng virus na ito sa buong mundo at sa kasalukuyang kalagayan nakakapangamba na lubhang makaapekto ito sa bansang Hapon. Dahil dito nag desisyon ang pamunuan ng diyosis upang malabanan ang pagkalat nito.

1. Simula sa ika 21 ng Marso (Sabado) hangang sa ika 3 ng Abril (Biyernes) ipag papatuloy ng pansamantalang pag kansela sa lahat ng mga Misa (Para Liturgy o Liturgy of the Word with Communion), katekismo, at iba pang pagtitipon na may kinalaman sa aktibidad ng Simbahan na kalalahukan ng maraming tao. Ang mga mananampalataya ay pinahihintulutan na hindi muna tumupad sa ating obligasyon na magsimba sa araw ng Linggo. Sa kabila nito, ang lahat ay inaanyayahang basahin at namnamin ang mga pagbasa sa araw ng Linggo at manalangin.
2. Ang Kasal, Misa sa paglilibing ay maaaring pahintulutan lamang kung ito ay lalahukan ng maliit na bilang ng tao, pagkatapos kumunsulta sa pari na nangangasiwa ng simabahan at sa mga taong may kinalaman upang maiwasan ang pagkalat ng virus na ito.
3. Ang Misa ng Santo Oleo na gaganapin sa ika 8 ng Abril (Miyerkules) alas 11 ng umaga ay dadaluhan lamang ng kaparian. Ang pagdalo ng ordinaryong mananampalataya ay hindi inirerekomenda. Ang Banal na Langis para sa mga Simbahan ay ipapadala na lamang sa mga pari na dadalo sa nasabing Misa.
4. Para sa programa simula sa ika 4 ng Abril (Sabado) at ang Pagdiriwang ng Liturhiya sa Mahal na Araw ay pag dedesisyunan pagkatapos pag-aralang mabuti ang sitwasyon at maikunsulta ito sa tamang kinauukulan. Muling magpapalabas ng anunsiyo kung anuman ang mapapag desisyunan sa araw na iyon.

Bagamat pansamantalang ikinansela ang mga Misa, bilang Obispo kasama ng mga kaparian sa diyosis kami ay patuloy na nag aalay ng Banal na Misa araw araw. At makakaasa kayo na kasama namin kayo sa puso at panalangin sa bawat Misa na aming iniaalay. At nawa kandilihin kayo ng Banal na Salita ng Diyos sa inyong pakikiisa sa amin sa puso at panalangin sa bawat pag-aalay namin ng Banal na Misa sa araw araw.

Marso 16, 2020

Most Rev. Paul Otsuka Yoshinao D.D.  
Obispo ng Kyoto